

**Maipapasa ko ba ang TB sa ibang mga tao kung ako ay naimpeksyon pero walang sakit na TB?**

Hindi. Napakahalagang tandaan na ang maaari lamang magpasa ng mikrobyo ng TB ay ang isang taong may aktibong sakit na TB sa mga baga. *Ang mga taong may impeksyon ng TB ay hindi nakakahawa, wala silang mga sintomas, at hindi inilalagay sa panganib ang kanilang pamilya, mga kaibigan at kasamahan sa trabaho.*

**Ang panganib na maimpeksyon ka ay maaaring mas mataas kung:**

- Gumugol ka ng maraming oras kasama mga tao
- Ang taong may sakit ng TB ay inuubong mabuti o labis na nakakahawa
- Ikaw ay nakasama ng tao sa isang lugar na maliit o mahina ang bentilasyon

**Mga nagtataas ng panganib na magkaroon ng sakit na TB**

Ang impeksyon ng TB ay mas malamang na maging sakit kung:

- Ikaw ay may impeksyon ng HIV
- Naimpeksyon ka ng TB sa nakaraang dalawang taon
- Ang sistema ng paglaban sa sakit ng iyong katawan ay pinahihina ng ibang sakit (diyabetis, kanser, atbp.)
- Ikaw ay matanda o napakabata (wala pang 5 na taong gulang)
- Ikaw ay umiinom ng gamot na nakakapagpahina ng sistema ng paglaban sa sakit tulad ng chemotherapy, IV arthritis drugs o mga steroid

TB Control Branch

(619) 692-5565

Health and Human Services Agency, County of San Diego

3851 Rosecrans Street, San Diego, CA 92110


[www.sandiegotbcontrol.org](http://www.sandiegotbcontrol.org)

*Maaaring kuwalipikado ka sa mga benepisyong Medi-Cal. Ang mga taong may impeksyon ng TB o may sakit na TB ay maaaring maging kuwalipikado rin sa TB-Cal. Upang malaman kung nararapat kang tumanggap ng mga benepisyo at upang humiling ng pakete ng kaalaman at aplikasyon, mangyaring tumawag sa 1-858-514-6885. Tinatanggap ang mga tawag na "collect."*

Hinango mula sa Massachusetts Department of Public Health at Yavapai County Health Department

# Maaaring naimpeksyon ako ng mikrobyo ng TB...

*Paano ko masisigurado?*



Ang  
**TB** Ay mapipigilan  
Ay magagamot  
Ay mapapagaling

## Sinasabi nila na ako ay isang “kontak” sa isang kaso ng TB, pero ano ang ibig sabihin nito?


Ang isang taong kakilala mo o hindi mo kakilala ay maaaring may nakakahawang sakit na TB. Kung ganoon, maaaring nahawahan ka ng taong ito. Upang malaman kung ikaw ay nahawahan, ang una mong dapat gawin ay magpasuri ng balat o ng dugo para sa TB (TST) o magbigay ng tala ng nakaraang TST. Ganito ito kadali!

## Paano ninyo nalaman na gumugol ako ng panahon sa taong ito?

Kapag kinakausap namin ang mga taong may sakit na TB, tinatanong namin sila kung saan sila nagpunta at sino ang nakasama nila habang sila ay may-sakit.


## Paano naikakalat ang mikrobyo ng TB?

- Sa pamamagitan ng hangin! Kapag umubo ang may sakit na TB ay kakalat ang mikrobyo sa hangin.
- Maaaring malanghap ng mga tao ang mga mikrobyo at papasok sa kanilang mga baga.
- Ang TB ay **HINDI** naipapasa sa pamamagitan ng paggamit ng mga tinidor, kutsilyo, kumot, damit o pagkain na ginamit ng iba. Ito ay **hindi** rin naikakalat sa pamamagitan ng sekswal na pakikipag-ugnayan o ng dugo.



## Ano ang sakit na TB?

Ang sakit na TB ay ang karamdamang sanhi ng bakterya ng TB. Ito ay karaniwang nakakaapekto sa mga baga, pero puwede ring makaapekto sa alinmang ibang bahagi ng katawan, kabilang ang utak, mga buto, atay at gulugod.



## Ano ang mga palatandaan at sintomas ng sakit na TB?

Maaaring mabuti pa ring pakiramdaman mo sa una. Gayunman, habang sumusulong ang TB maaring magkaroon ka ng mga sintomas. Ang ilan sa pinakakaraniwang sintomas ay:

- pag-ubo ng higit sa 3 linggo
- pag-ubo ng dugo o plema
- Hindi maipaliwanag na pagbaba ng timbang
- pamamawis sa gabi
- lagnat
- pagod o sobrang pagkahapo




## Ano ang gagawin ko ngayon?

- Magpasuri ng balat o dugo para sa TB. Ito’y madali!
- Kung ang pagsusuri sa TB ay positibo, kailangan mo ng x-ray ng dibdib at maaaring painumin ka ng gamot upang bawasan ang panganib na magkaroon ka ng sakit na TB.
- Kung mayroon ka ng tala ng nakaraang pagsusuri sa TB na positibo o ginamot na sa TB, sabihin sa iyong health worker (tagaserbisyong pangkalusugan).

## Kung ang pagsusuri ay negatibo, mayroon bang iba pang kailangan kong gawin?

Oo.

- Dahil umaabot ng ilang linggo bago magpakita ng reaksyon sa mikrobyo ng TB ang iyong katawan, maaaring kailangan mo ng pangalawang pagsusuri ng 2-3 buwan pagkaraan ng unang pagsusuri.
- Manatiling makipag-ugnay sa iyong health worker para maipaala-ala sa iyo kapag lumampas na ang 2-3 buwan.
- Kung ang resulta ng ikalawang pagsusuri ay negatibo, malamang na wala kang impeksyon ng TB.



## Bakit hindi na lang maghintay ng 2-3 buwan bago suriin ako sa unang pagkakataon?

- Ang maagang pagtuklas ay nagbibigay sa iyo ng pagkakataon na simulan ang paggamot sa impeksyon sa pinakamaagang panahong magagawa.
- Ang panganib na magkaroon ng aktibong sakit na TB ay pangkaraniwang mas mataas sa unang dalawang taon pagkaraang maimpeksyon. Ang dalawang pagsusuri ay maaaring makatulong na malaman kung ikaw ay naimpeksyon kamakailan.

## Kung ako ay naimpeksyon, ano ang kasunod?

- May mabisang gamot para patayin ang mga mikrobyo at upang pigilan ang impeksyon na maging sakit.
- Tutulungan ka ng iyong health worker na masuri upang malaman kung ang gamot na ito ay tama sa iyo.